COUNTY OF SAN DIEGO

Mental Health Plan (MHP)

KUNG MAYROON KAYONG IKINABABAHALA SA INYONG PAG-AALAGA SA KALUSUGANG PANGKAISIPAN

Narito na ang kasagutan para makakuha ng tulong sa problema!

Bilang isang kliyente ng MHP, mayroon kayong karapatang tumanggap ng mga serbisyo mula sa isang kuwalipikadong provider (tagapagkaloob ng serbisyo) para sa kalusugang pangkaisipan at aktibong maging bahagi ng inyong pag-aalaga. Mayroon kayong karapatan na ipahiwatig ang inyong mga ikinababahala sa anumang bahagi ng inyong pag-aalaga.

MGA PARAAN PARA MALUTAS ANG INYONG IKINABABAHALA:

1. Ang pinakamadali at pinakamabilis na paraan para malutas ang mga ikinababahala ay ang pakikipag-usap sa inyong tagapagkaloob ng serbisyo (provider) o sa manager ng programa.

2. Kung hindi kayo nasisiyahan sa paggagamot o medikasyon ninyo, maaari kayong kumuha ng ikalawang opinyon tungkol dito mula sa iba pang mga clinician sa staff ng inyong provider o sa pamamagitan ng **Access & Crisis Line sa 1-888-724-7240**.

3. Maaari ninyong gamitin ang MHP Beneficiary and Client Problem Resolution Process para makatulong na malutas ang inyong mga ikinababahala sa serbisyo.

    a. Maghain ng karaingan anumang oras kung hindi kayo nasisiyahan sa mga serbisyo o nararamdaman ninyo na ang inyong mga karapatan ay tinatanggihan.
    b. Magsampa ng isang apela sa loob ng **60 araw** kung magwakas, mabawasan o tinanggihan ang inyong mga serbisyo.
    c. Magsampa ng isang pinabilis na apela, kapag ang standard na proseso ay maaaring malubhang maisapanganib ang buhay, kalusugan, o kakayahang makakuha, mapanatili o muling makuha ang sukdulang pagkilos o paggawa ng katawan.
    d. Patuloy na mga serbisyo habang nakabinbin ang desisyon ng inyong apela.

Kumuha ng kopya ng Grievance and Appeal Brochure sa opisinang ito para makakuha ng karagdagang impormasyon at mga tagubilin kung paano mag-sumite para sa bawat isa.

Ang mga karaingan at apela ay maaaring isampa sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono, personal o kasalutan.

Basahin ang Grievance and Appeal Forms, kasama ang mga sobre, sa lahat ng mga opisina ng tagapagkaloob ng serbisyo (provider).

ANG INYONG MGA KARAPATAN BILANG ISANG KLIYENTE

- Mapakitunguhan nang may dignidad at paggalang sa isang wikang nauunawaan ninyo
- Makakuha ng ikalawang opinyon sa inyong paggagamot o medikasyon.
- Bigyang pahintulot ang isang taong kumilos sa ngalan ninyo.
- Magsama ng ibang tao sa mga pagpupulong at padinig.
- Makakuha ng tulong sa pagsusumite mula sa mga kapamilya, kaibigan, o Patient Advocate (Tagapagtanggol ng Pasyente).
- Malaya mula sa diskriminasyon o multa dahil sa pagsasampa ng karaingan/apela.
- Pagkakaroon ng proteksyon ng pagkakompidensyal, ayon sa batas.

KARAPATAN SA ISANG PATAS NA PAGDINIG NG ESTADO (STATE FAIR HEARING)

Makalipas ninyong gamitin ang Proseso sa Pag-apela ng MHP, maaari kayong humiling ng Patas na Pagdinig ng Estado (State Fair Hearing) sa loob ng **120 araw** mula nang makumpleto ang prosesong iyon.

Kung kayo ay isang beneficiary ng Medi-Cal, maaari kayong humiling ng Patas na Pagdinig ng Estado (State Fair Hearing) tungkol sa pagkakatanggi, pagwawakas o pagbabawas ng mga serbisyo sa loob ng **120 araw** mula sa pagkilos na iyon sa pagkakakumpleto ng Grievance and Appeal Process ng MHP.

Para mapanatili ang parehong mga benepisyo habang nakabinbin ang inyong apela, kailangan kayong magsama ng kahilingan sa loob ng **10 araw** mula nang matanggap ang abiso ng Adverse Benefit Determination. (Aid Paid Pending)

Maaari kayong tumawag sa Department of Social Services nang direkta sa 1-800-952-5253 O tumawag sa isa sa mga ahensyang nakalista sa ibaba.

ANG MGA AHENSYANG ITO AY MAKAKATULONG SA INYONG MGA IKINABABAHALA	
Para sa **INPATIENT at 24 ORAS** na pag-aalaga, tumawag sa: **JFS Patient Advocacy** 619-282-1134 or1-800-479-2233	Para sa **OUTPATIENT** na pag-aalaga, tumawag sa: **Consumer Center for Health Education & Advocacy (CCHEA)** 1-877-734-3258